Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership


# 5

## EPP - Edukasyong/Pantahanan at Pangkabuhayan

## AGRIKULTURA

# Kwarter 3 – Modyul 5

## Kabutihang Dulot ng Pag-aalaga ng Hayop na may Dalawang Paa at Pakpak at Isda



Name of Learner: ______________________________
Grade & Section: ______________________________
Name of School: ______________________________

N-AVIGATING
O-PPORTUNITIES TO
R-EENGINEER FOR
T-RANSFORMATION &
E-MPOWERMENT

Service with a Heart

"Be and Do Much Better Each Day with a Sense of Urgency"

JANUARY Makugihon
FEBRUARY Mahigugmaon
MARCH Matinabangon
APRIL Matinahuron
MAY Mahapsay og Malimpyo
JUNE Maabtik og Musunod sa Iksaktong Oras
JULY Maantigo og Maabilidad
AUGUST Maginhunahunaon para sa Uban
SEPTEMBER Madaginoton
OCTOBER Matinud-anon
NOVEMBER Masaligan
DECEMBER Maalampuon

**EPP - Grade 5**
**Alternative Delivery Mode**
**Kwarter 3–Modyul 4: Kabutihang Dulot ng Pag-aalaga ng Hayop na may Dalawang Paa at Pakpak at Isda**
**Unang Edisyo, 2020**

**Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na**: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Published by the Department of Education
Secretary: Leonor Magtolis Briones
Undersecretary: Diosdado M. San Antonio

**Development Team of the Modules**

Manunulat: ANALIZA B. MANGALA, JOEY PORRAS, SAMUEL MANDAG
Editor: EDWARD G. GALON
Tagasuri: NILDA Y. GALAURA, EVELYN C. LABAD
Tagaguhit: KENT SPENCER A. SANICO

**Management Team:**

SDS: MA. LIZA R. TABILON EdD, CESO V
ASDS: JUDITH V. ROMAGUERA, EdD
ASDS: MA. JUDELYN J. RAMOS, EdD
ASDS: ARMANDO P. GUMAPON, EdD
CID Chief: LILIA E. ABELLO, EdD
LR: EVELYN C. LABAD
PSDS: ELDA L. EVANGELISTA, EMD
PRINCIPAL:

**Printed in the Philippines**
**Department of Education Region IX – Zamboanga Peninsula**
Office Address: Pres. Corazon C. Aquino Regional Government Center Balintawak, Pagadian City, Zamboanga del Sur 7016
Telefax: (062) 215-3753, 215-3751, 991-1907, 215-3789
E-mail Address: region9@deped.gov.ph



# *Alamin*

Sa pagtatapos ng modyul na ito ang mga mag-aaral ay inaasahang maunawaan ang mga hayop na maaaring alagaan sa bahay obakanteng lugar. Ito ay naglalaman ng mga gawain tungkol sa kabutihang dulot ng pag-aalaga ng hayop na may dalawang paa at pakpak o isda.Matutuhan mo rin angmga hayop na akmang alagaan sa bahay o bakuran na maaring mapaglibangan o mapagkakitaan.

Pagkatapos ng mga aralin, kayo ay inaasahang:

1. Naipapaliwanag ang kabutihang dulot ng pag-aalaga ng hayop na may dalawang paa at pakpak o isda.



# *Subukin*

**Panuto:** Basahin ang bawat aytem. Bilugan lamang ang letra ng tamang sagot.

1. Anong bitamina ang maibibigay ng sariwang karne at itlog ng manok?
   A. calcium  B. protina  C. carbohydrates  D. minerals

2. Anong uri ng pato ang mainam pagkukuhanan ng itlog?
   A. itik  B. bibe  C. pugo  D. broiler

3. Kasiya-siya ang pag-aalaga ng isda sapagkat ito ay nakatatanggal ng ___________.
   A. stress  B. dumi  C. gulo  D. pera

4. Anong uri ng pato ang mahusay mapagkunan ng karne?
   A. pato  B. itik  C. bibe  D. broiler

5. ________ ang katawagan sa pook na alagaan ng mga manok sa bukid.
   A. fish pond  B. dumalaga  C. poultry  D. manukan

**Aralin 5**

# Kabutihang Dulot ng Pag-aalaga ng Hayop na May Dalawang Paa at Pakpak o Isda



## *Balikan*

**palamuti**- isang uri ng bagay na karaniwang ginagamit upang mas kaaya-aya at maganda ang representasyon at maging matingkad ang isang lugar ,tao o bagay.Ito rin ay tinatawag  na pampaganda, dekorasyon.

**libangan** – isang gawaing nakakalibang na ginagawa ng mga tao upang maaliw o para sa rekreasyon.


**stress** – isang uri ng karamdaman na kung saan nakaramdam tayo ng pagkabalisa,takot,kaba,at pagkabigo.



## *Tuklasin*

Ano-ano ang mga kabutihang dulot ng mga hayop na ito sa ating buhay?
Nakakatulong ba ang pag-aalaga ng mga hayop na ito sa atin?












## *Suriin*

Tunay na kasiya-siya at kapaki-pakinabang na gawain ang pag-aalaga ng mga hayop tulad din ng paghahalaman. Ang pag-aalaga ng mga hayop na may dalawang paa at pakpak at isda sa tahanan ay maraming kabutihang naidudulot. Tulad ng pag-aalaga ng manok sa likod bahay o kung may bakanteng lugar sa bakuran.

Ito ay maaring gawing libangan o mapagkakakitaan kung labis sa pangangailangan ng mag-anak.



Ang mga manok ay inaalagaan dahil sa kanilang karne at sariwang itlog na sagana sa protina na makatutulong sa kalusugan ng mag-anak. Ang white leghorn ay isang uri ng manok na mahusay alagaan kung nais magparami ng itlog. Samantalang ang broiler naman ay kilala sa mga lahi ng manok na inaalagaan upang patabain at mapagkunan ng karne. Nakukuha rin sa manok ang mga lamang-loob tulad ng puso, balunbalunan,atay at isaw na makakain. Gayundin ang mga paa at ulo.Mainam din gamiting pataba sa mga halamang gulay at ornamental ang mga pinatuyong dumi ng manok. Ang mga balahibo naman ng manok ay ginagamit bilang materyales sa paggawa ng pang-alis ng alikabok at palamuti sa tahanan. Mahusay din gamitin ang mga balahibo ng manok bilang palaman sa paggawa ng unan na maaring maipagbili na makadaragdag bilang panustos sa mga pangangailangan ng mag-anak.

Ang pato ay isa ring magandang alagaan sa bahay o bakuran. Kagaya ng manok, ito ay nagbibigay ng karne at itlog. Ang karne nito ay nagbibigay ng protina na sustansyang kailangan ng ating katawan. May dalawang uri ng pato: ang itik at bibe.

Mainam pagkuhanan ng itlog ang itik samantalang ang bibe naman ay mahusay mapagkunan ng karne. Maari ding gamitin sa paggawa ng mga palamuti sa bahay ang mga pinatuyong balahibo ng pato. Kumpara sa manok, mas madaling alagaan ang pato. Nangingitlog sa loob lamang ng 28 araw ang itik, samantalang ang bibe naman ay sa loob ng 33 araw.



Kawili-wili talaga ang pag-aalaga ng pugo dahil sa naidudulot nitong itlog na nagtataglay ng maraming sustansya.Isa itong uri ng ibon na may mabibilog na katawan,maiikling leeg at paa na walang balahibo hanggang tuhod at matulin kung tumakbo sa lupa. Maikli ang mga pakpak nito kaya hindi gaanong nakalilipad nang mataas. Ang karne ng pugo ay mainam din panustos sa pangangailangan natin sa protina.



Ang pag-aalaga ng isda tulad ng tilapia,hito at iba pa ay isang kawili-wiling libangan bukod sa nakalilibang ito ay nakatatanggal ng stress.

Ang tilapia ang isang uri ng isda na madaling alagaan at masarap kainin. Karaniwang pinalalaki ito sa mga palaisdaan sa likod-bahay. Kung may anyong tubig tulad ng ilog, sapa at lawa na malapit sa inyong pamayanan,maaaring alagaan ang tilapia rito. Kung labis ang dami ng alagang tilapia maari itong ipagbili at makatulong sa kita ng mag-anak.



## *Pagyamanin*

A. **Panuto:** Iguhit ang  kung ang pangungusap ay tama at  kung mali.

________ 1. Ang manok ay mainam alagaan dahil sa kanilang karne at itlog na mayaman sa protina.

________ 2. Ang broiler ay mahusay alagaan kung nais magparami ng itlog.

_________3. Ang karne ng pugo ay mainam din panustos sa pangangailangan natin sa Vitamin C.

_________4. Ang pag-aalaga ng isda tulad ng tilapia,hito at iba pa ay isang kawili-wiling libangan dahil sa ito ay nakatatanggal ng stress.

_________5. Maaaring gamiting sa paggawa ng mga palamuti sa bahay ang mga pinatuyong balahibo ng pato.

B. **Panuto:** Isulat sa kahon ang mga kabutihang dulot ng pag-aalaga ng mga hayop na may dalawang paa at pakpak o isda.

| **Manok** |
|---|
| |

| **Pugo** |
|---|
| |

| **Tilapia** |
|---|
| |

| **Itik o bibe** |
|---|
| |



## *Isaisip*

**Panuto:** Kumpletuhin ang bawat pangungusap ng mga angkop na salita.

1. Ang manok ay mainam alagaan dahil ________________________________________________.

2. Ang mga itik at bibe ay kapaki-pakinabang alagaan dahil ________________________________________________.

3. Kasiya-siya ang pag-aalaga ng isda sapagkat ________________________________________________.

4. Ang mga bakanteng lugar sa bakuran, ay maaring alagaan ng iba't –ibang hayop na makatutulong upang magkaroon ng ________________________________________________.

5. May mabuting naidudulot ang pag-aalaga ng pugo sapagkat ____________________________________________________________.



## *Isagawa*

**Panuto:** Gumuhit ng mga pakinabang na makukuha sa mga hayop na may dalawang paa at pakpak o isda. Bigyan ng maikling paliwanag ang inyong mga iginuhit.



## *Tayahin*

**Panuto:** Basahin ang bawat aytem. Bilugan ang titik ng wastong sagot.

1.Tunay na kasiya-siya at kapaki-pakinabang na gawain ang pag-aalaga ng mga hayop tulad din ng ___________.

A. paglalaba B. pamamalantsa C. paghahalaman D. pangingisda

2. Anong bitamina ang maibibigay ng sariwang karne at itlog ng manok?
A. calcium B. protina C. carbohydrates D.minerals

3. Kasiya-siya ang pag-aalaga ng isda sapagkat ito ay nakatatanggal ng ___________.

A. pera B. dumi C. gulo D.stress

4. Anong uri ng manok ang mahusay alagaan kung nais magparami ng itlog?
A. broiler B. white leghorn C. cull D. itik

5.Anong uri ng manok ang kilala sa mga lahi ng manok na inaalagaan upang patabain at mapagkunan ng karne?
A. broiler B. white leghorn C. cull D. itik

6.Ano ang mainam din gamiting pataba sa mga halamang gulay at ornamental?
A. balahibo ng manok B. karne ng manok
C. pinatuyong dumi ng manok D. urea

7. Anong uri ng pato ang mainam pagkuhanan ng itlog?
A. itik B. bibe C. pugo D. cull

8. Bakit kawili-wili ang pag-aalaga ng pugo?
A. dahil sa masayahin ang mga ito
B. dahil sa marami itong karne
C. dahil sa maganda ang kulay nito
D. dahil sa naidudulot nitong itlog na nagtataglay ng maraming sustansiya

9. Anong uri ng pato ang mahusay mapagkunan ng karne?
A. pato B. itik C. bibe D. pugo

10. Ang mga bakanteng lugar sa bakuran ay maaaring pag-aalagaan ng iba't ibang hayop na makatutulong upang magkaroon ng______________.
A. stress sa pamilya
B. ginhawa sa pamilya
C. libangan o mapagkakakitaan kung labis ang pangangailangan ng mag- anak
D. solusyon sa problema



## *Karagdagang Gawain*

Gumupit o gumuhit ng mga larawan ng mga hayop na may dalawang paa at pakpak o isda na maaaring alagaan sa bahay o bakuran. Isulat ang mga mabubuting naidudulot nito sa pamilya at pamayanan sa ilalim ng larawan.

# *Susi ng Pagwawasto*

**SUBUKIN**

1.B
2.A
3.A
4.C
5.D

**PAGYAMANIN A**

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 

**PAGYAMANIN B**

Maaaring iba-iba ang magiging sagot ng mga bata

**ISAISIP**

1. sa kanilang karne at itlog na mayaman sa protina
2. mainam pagkunan ng karne at itlog
3. nakakatanggal ng stress at maaari ring makain
4. gawing libangan o mapagkakitaan kung labis sa pangangailangan ng mag-anak
5. nagdudulot ng itlog na nagtataglay ng maraming sustansiya

**TAYAHIN**

1.C
2. B
3. D
4. B
5. A
6. C
7. A
8. D
9. C
10.C

**ISAGAWA**

| PUNTOS | DESKRIPSIYON |
|---|---|
| 3 | Naiguhit ng maayos ang paki-nabang ng mga hayop na may dalawang paa at pakpak o isda |
| 2 | Naiguhit ang pakinabang ng mga hayop na may dalawang paa at pakpak o isda |
| 1 | Naiguhit ang pakinabang ng mga hayop na may dalawang paa at pakpak o isda |
| 0 | Hindi naiguhit ang pakinabang ng mga Hayop na may dalawang paa at pakpak o isda |

## *Sanggunian*

Kaalaman at Kasanayan Tungo sa
Kaunlaran 5, Batayang Aklat 83-85
Htpps://1filedownload.com
Youtube.Sir Jerome Pangan
Youtube. Ms. Au Bolocon